| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | DECEMBER 5-9, 2022 (WEEK 5) | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklodbuklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan | Naisasagawa nang buong husay ang anumang kakayahan o potensyal at napaglalabanan ang anumang kahinaan |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** . | Nakapagpapakita ng paggalang sa pamilya at sa kapwa sa pamamagitan ng:<br>a. pagmamano/paghalik sa nakatatanda<br>b. bilang pagbati<br>c. pakikinig habang may nagsasalita<br>d. pagsagot ng “po" at “opo”<br>e. paggamit ng salitang “pakiusap” at “salamat” **EsP1P- IIe-f– 4** | | | | |
| ***II. NILALAMAN*** | Paggalang sa Pamilya at Kapuwa | | | | |
| ***KAGAMITANG PANTURO*** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource* | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | tsart | tsart | tsart | |

***III. PAMAMARAAN***

**SUBUKIN**

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa isang malinis na papel.

1. Ang ____________ ay nagpapakita ng paggalang sa pamilya at nakatatanda. a. pagmamano
b. pag-awit
c. pagsaway
d. pagsagot

2. Ang __________ sa sinasabi ng nagsasalita ay pagpapakita ng paggalang sa kanila. a. pagbalewala
b. pakikinig
c. pagsaway
d. pagtalikod

3. Ano ang dalawang salitang madalas na ginagamit natin sa pagsagot sa mas nakatatanda sa atin? a. Po at Opo
b. Ha at Oo
c. Saka na at wala
d. Mamaya

4. Ang salitang dapat nating bigkasin kung tayo ay binigyan ng kahit anong gamit ng ating mga magulang. a. Paumanhin po
b. Walang anuman po
c. Salamat po
d. Pakiusap

**SURIIN**

Isang magandang pag-uugali ang paghalik sa kamay o pisngi at pagmamano sa matatanda. Isang paraan ito ng paggalang. Ito ay dapat na ginagawa ng mga bata pagkagaling sa simbahan o kapilya, bago umalis at pagdating ng bahay galing sa paaralan o sa pamamasyal, kung may bumisitang kamag-anak na matanda.

Ang pagsasabi ng po at opo sa pakikipag-usap sa nakatatanda sa atin ay pagpapakita rin ng paggalang. Ito rin ay magalang na pananalita na dapat nating gamitin sa pakikipag-usap sa nakatatanda sa atin.

Maipapakita rin ang paggalang ng mga batang Pilipino tuwing nakikipag-usap sila sa matanda. Gumagamit sila ng po at opo at magalang na pananalita at pagbati gaya ng "Salamat po" at "Magandang hapon po." Gumagamit din sila ng magagalang na pantawag sa matatanda gaya ng kuya, ate, lolo, lola at iba pa.

Ang po at opo, salamat po at pakiusap ay lagi ring tatandaan. Ang hindi pakikinig sa nagsasalita ay tanda ng kakulangan sa paggalang dito.

Ang mga ito ay kaugaliang Pilipino na hindi dapat kalimutan lalo na ng isang batang katulad mo upang ikaw ay kaluguran ng iyong mga magulang at ng mga nakatatanda.

**PAGYAMANIN**

**ISAISIP**

**A. Panuto:** Punan ang patlang upang mabuo ang bawat pangungusap. Piliin ang mga salita na nasa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| nakatatanda | nakasimangot | hahalik |
| babati | magalang | Magmamano |

Mula ngayon, ako ay magiging _________________ sa mga nakatatanda sa akin. Sa tuwing ako ay uuwi sa bahay galing sa pagsisimba o sa pamamasyal ay _________________ ako sa pisngi at _________________ sa aking lolo, lola at iba pang mga ________________ sa akin. ________________ din ako sa kanila dahil ito ay pagpapakita ng aking paggalang.

nakatatanda nakasimangot hahalik
babati magalang Magmamano

**B. Panuto:** Basahin ang sitwasyon at ipaliwanag ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Si May ay naglalaro habang nagtuturo ang kanilang guro. Nagbigay ng pagsusulit ang guro. Ano ang mangyayari kay May?

2. Si Miko ay nagbasa ng kanilang aralin sa Filipino. Pagdating sa paaralan, nagkaroon sila ng pagsusulit. Ano ang magiging resulta ng eksamin ni Miko?

**TAYAHIN**

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang ______________________ ay tanda ng paggalang sa magulang at sa mas nakatatanda.
a. pagmamano
b. pagpalo
c. paglilinis
d. pagsuway

2. Si Joel ay tumatango sa kaniyang magulang kapag siya ay tinatanong. Ang tamang sagot sa magulang ay:
a. Oo o hindi
b. Tango at ngiti
c. Po at opo
d. Hindi na lang sasagot

3. Nabasag mo ang plorera ni Nanay dahil sa pagmamadali mo sa pagpasok sa paaralan. Ano ang iyong sasabihin sa kaniya? a. Salamat po
b. Ipagpaumanhin niyo po
c. Walang anuman
d. Walang pakialam

4. Ang __________ sa sinasabi ng nagsasalita ay pagpapakita ng paggalang sa kanila. a. pagbalewala
b. pakikinig
c. pagsaway
d. pagtalikod

**KARAGDAGANG GAWAIN**

**Panuto:** Gumupit ng isang larawang nagpapakita ng paggalang sa pamilya at nakatatanda. Idikit ito sa iyong kuwaderno at ipaliwanag ang kahalagahan ng kaniyang ginagawa sa buhay ng isang batang katulad mo. Sa iyong kuwaderno. Iayos ang larawan batay sa pormang ibinigay:

| | |
|---|---|
| Sa kahon sa iyong kuwaderno idikit ang ginupit na larawan | Paliwanag:<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________<br>____________ |

5. Ito ay salitang ginagamit kung ikaw ay nakikisuyo sa iyong magulang o sa ibang tao na gawin ang isang gawain para sa iyo. a. Walang anuman po
b. Salamat po
c. Paumanhin po
d. Pakiusap

## BALIKAN

Ang bawat anak ay dapat na nagmamahal sa kaniyang magulang. Ikaw, paano mo maipapakita ang pagmamahal sa iyong pamilya? Isulat ang sagot sa papel.


## TUKLASIN

Si Iyah, ang Batang Magalang!

Isang magalang na bata at may magandang pag-uugali si Iyah. Ang paghalik sa kamay o pisngi at pagmamano sa nakatatanda ay palagi niyang ipinapakita. Madalas niyang ginagawa ito bago siya umalis at pagdating niya ng bahay o kapag may bumisitang kamag-anak sa kanila at maging ang kaniyang mga ninong at ninang. Siya din ay bumabati sa lahat kasabay ng kaniyang pagngiti.

Hindi rin niya nalilimutan ang pagsagot ng po at opo tuwing nakikipag-usap siya sa mga nakatatanda sa kaniya.

**A. Panuto:** Sa iyong sagutang papel, lagyan ng tsek **(√)** ang bilang ng mga larawang nagpapakita ng pagiging magalang at ekis **(X)** naman kung hindi.


1.________ 2.________ 3.________ 4.________ 5.________ 6.________ 7.________ 8.________

**B. Panuto:** Tingnang mabuti ang mga larawan. Itala sa iyong sagutang papel ang bawat sitwasyong nakikita sa larawan.

**1.** ________________________

**2.** ________________________

**3.** ________________________

3. Si Hannah ay madalas mapagalitan dahil hindi siya nakikinig sa pangaral ng kaniyang mga magulang. Isang araw, siya ay nakabasag ng gamit sa paaralan dahil sa kalikutan nito. Paano niya ito sasabihin sa kaniyang mga magulang?

## ISAGAWA

**A. Panuto:** Sa iyong sagutang papel, iguhit ang kung ang pahayag ay nagpapakita ng paggalang at naman kung hindi.

_____1. Nagmamano ang aking pinsan sa kaniyang mga magulang kapag sila ay dumarating galing sa trabaho.

_____2. Tango ang aking sagot sa aking lolo at lola kapag ako ay kanilang tinatanong.

_____3. Nakikinig akong mabuti kapag nagsasalita ang aking kausap lalo na kung ito ay nakatatanda sa akin.

_____4. Ang pagbati sa nakatatanda ay hindi ko nakasanayang gawin kaya madalas, inaakala ng iba na ako ay masungit.

_____5. Nakangiting bumabati si Sheila sa kanilang mga panauhin.

_____6. Tahimik si Jaja sa klase habang nakikinig sa guro, kaya naman mataas ang nakukuha niya tuwing may pagsusulit.

_____7. Dumidiretso lang Rhean sa kaniyang kuwarto kung

5. Ito ay salitang ginagamit kung ikaw ay nakikisuyo sa iyong magulang o sa ibang tao na gawin ang isang gawain para sa iyo. a. Walang anuman po
b. Salamat po
c. Paumanhin po
d. Pakiusap

Marunong din siyang magpasalamat at humingi ng paumanhin. Kaya, si Iyah ay labis na kinagigiliwan ng kaniyang buong pamilya.

**Mga Gabay na Tanong**

Panuto: Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang batang magalang sa kuwento?

2. Paano niya ipinakikita ang paggalang sa mga nakatatanda?

3. Bakit siya kinagigiliwan at kinaluluguran ng kaniyang buong pamilya?

**4.** ______________________

**5.** ______________________

**6.** ______________________

**7.** ______________________

**8.** ______________________

dumarating siya sa bahay galing ng paaralan.

_____8. Sa tuwing kausap ni Joaz ang kaniyang guro ay hindi siya nagsasabi ng po at opo.

_____9. Humingi ng paumanhin si Laberne kay Yvonne dahil hindi nito sinasadyang mabangga niya ito.

_____10. Tinawanan ng mga bata si Vincent ng makita nilang humahalik ito sa pisngi ng kanyang ina dahil binata na raw ito.

***IV. Mga Tala***

***V. PAGNINILAY***

A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation.*
C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?
G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais

kong ibahagi sa mga kapwa
ko guro?